# RODA TAJON

Katuwang na propesor sa Faculty of Information and Communication Studies, UP Open University si Roda Tajon. Nagtuturo siya ng mga kurso sa teorya ng multimedia, kulturang popular, at araling kasarian. Noong 2023, nagwagi siya ng Gawad SWF - Pinakamahusay na Sanaysay. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kursong gradwado sa Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman.

Maaari siyang makontak sa rltajon@up.edu.ph

# PIGLAT

Kadagiti dakulapko, nagmaga a piglat.
Inaldaw a palagip kaniak ti panagtaripato
A masubalitan iti saggabassit
A bisong- nga ibinglay ni lakay a sadiay siled
Nakailad ken agpaypayubyob
Kadagiti ubbing a kaay-ayatda
Dagiti Koreano nga artista ngem iti inada.
Nagindegen iti sabon, inarakupna
Dagiti babassit a law-ang iti nagbaetan
Dagiti ramayko. Anian nga apges
Ti nagbanagan ti aldaw ken rabii a panagdalus
Iti sidong ti natapok ken naliday
A kusina. Nakigayyemak payen
Kadagiti pinggan, baso, ken naglati a kubiertos.
Isuda ti lagip dagiti apagapaman a ragsak
Ti naig ken naunday a liday
Ti balaymi a banarbar.
Ilimlimedko ti kapanunotak
Nga intono umay nga aldaw, saan laeng
Nga iti agmalmalem a panaglutok, panaginnaw,
Panagbalin a katulong iti bukodmi a balay,
Kabaelak a pagungaren
Dagiti nalaylay a nateng
Ken naliday a sabsabong, dagiti nawaw
A puon ken kinataok a naarinebneb
Iti lababomi a napnuan ti lumot.

# MARKA

Sa mga palad ko, natuyong mga marka.
Araw-araw na paalala ng kalingang
Ang katumbas ay padaplis
Na halik—mula sa asawang nasa silid,
Nakahilata't ngbubuga ng usok
Sa mga anak na mas kilala pa
Ang Koreanong artista kaysa sa sariling ina.
Nanahan na ang sabon, inangkin
pati mumunting espasyo sa pagitan
ng mga daliri. Anong hapdi
Ang dulot ng araw-gabing pag-is-ís,
Sa lilim ng alikabukin at naninindim
Na kusina. Naging kaulayaw ko na
ang mga pinggan, baso, at kalawanging kubyertos.
Silang mga paalala ng sasandaling saya
ng pulot-gata at matagalang lumbay
Ng lunang gumegewang
Palihim kong ikinikintal sa isip
Bukas o makalawa, higit sa maghapong pagluluto,
paghuhugas, pangangatulong sa sariling tahanan,
kaya ng kamay kong mapagbanyuhay
ang mga nangamatay na gulay,
nangalantang bulaklak, natigang
Na puno at pagkatao kong inaagos
Sa nilulumot naming lababo.